



Kaligtasan sa Kawalan ng Kuryente

Puwedeng mangyari anumang oras ang mga kawalan ng kuryente. Wala man kayong kuryente sa loob ng ilang minuto, oras, o araw

— manatiling ligtas sa tulong ng mga tip sa ibaba!

Panatilihing may stock ang inyong **kit ng pang-emerhensiyang kahandaan**. Siguraduhing mayroon kayong portable na mga source ng liwanag (mga flashlight, kandila, glow stick), mga karagdagang baterya, at mga pagkaing hindi mabilis mapanis at maraming inuming tubig.



Posibleng may mga **bumagsak/aktibong linya ng kuryente sa inyong lugar**. Panatilihing malayo kayo at ang iba nang hindi bababa sa 10 metro (halos kasinghaba ng isang bus na pampaaralan). **Mag-ingat:** posibleng aktibo pa rin kahit ang mga kableng sira na sa loob ng ilang araw.

Panatilihing **ligtas ang pagkain!** Panatilihing nakasara ang mga pinto ng refrigerator sa panahong mawalan ng kuryente para mapreserba ang pagkain. **Kailanman huwag** gumamit ng uling o mga gas barbecue, camping stove, o home generator sa loob ng bahay.



Alamin kung kailan puwedeng umalis. Kung masyadong malamig o mainit sa inyong bahay at makakaalis kayo, pumunta sa alternatibong lokasyon hanggang sa ligtas nang makakabalik. Isama ninyo ang lahat ng miyembro ng sambahayan (kabilang ang mga alagang hayop).